# HINDI NATITINAG

(Part 4: TILA MABAGAL SUMAGOT ANG DIYOS)

**A Lord's Flock Worship Service Topic**

Ni: Sis. Mik R. Flores

Hunyo 11, 2026

Nakakainip maghintay. Kapag hindi agad nasagot ang ating mga panalangin, disappointed tayo, na parang mabagal sumagot ang Diyos. Ang kwento ni Daniel (aklat ni Daniel Kab. 10) ay naghahayag na kapag may pagka-antala, ang Diyos ang kumikilos sa likod ng mga eksena. Habang naghihintay si Daniel, sinagot na ng Diyos ang kanyang panalangin at aktibong sinasakatuparan ang Kanyang layunin. Kaya, kung nakadidismaya ang pagka-antala, huwag panghinaan ng loob, manalig sa Diyos at magtiwala sa Kanyang perfect timing.




1. **Ang Pasanin ni Daniel at ang kanyang Pakikipagtagpo sa Diyos.**
   1.1. Nanalangin at nag-ayuno sa loob ng tatlong linggo si Daniel dahil lubha siyang nabigatan sa kasalanan ng bayan ng Diyos (Daniel 10:1-4). Ang kanyang puso ay sumasalamin sa puso ng Diyos. Gayundin, kung tayo ay naka-ayon sa puso ng Diyos, kung ano ang dumudurog sa puso Niya, ganun din tayo.
   1.2. Sa panahon ng panalangin, si Daniel ay nakatanggap ng pangitain na walang ibang tao sa paligid (Daniel 10:5-7). May nakita siyang pre-incarnate Christ na ayon sa mga iskolar ng Bibliya, ito "Christophany." Para kay Daniel lamang ang mensahe, "*Unawain mo ang mga salita na sinasabi ko sa iyo; tumayo ka, dahil isinugo ako para sabihin ito sa iyo*" (Daniel 10:11).
   1.3. Tulad din nito, may mga bagay na gustong sabihin sa atin ang Diyos. Ang Kanyang mga plano at layunin ay unique sa bawat believer. Habang malapit at attuned tayo sa Diyos, binibigyan Niya tayo ng wisdom, direksyon at pang-unawa, gaya ng ginawa Niya kay Daniel.
2. **Agad dinidinig ng Diyos ang ating mga panalangin.**
   2.1. Dininig ng Diyos si Daniel mula sa unang araw. Kahit tatlong linggong naghintay ng sagot si Daniel, tumugon na ang Diyos pagkapanalangin niya. "*Huwag kang matakot, Daniel . . . mula pa nang ilagak mo sa Diyos ang iyong isipan at magpakababa sa kanyang paningin, dininig na ng Diyos ang iyong panalangin*" (Daniel 10:12).
   2.2. Naririnig tayo agad ng Diyos, kahit na ang nakikitang sagot ay nangangailangan ng oras. Kung parang delayed ang sagot, patuloy tayong magtiwala. Ang mabagal na tugon ay hindi denied na panalangin. Sinasagot Niya ang bawat panalangin: maaaring "oo", "hindi", o "maghintay." Ang pinakamahirap na sagot ay "maghintay."
   2.3. Narinig ng Diyos ang bawat panalangin at kumikilos na Siya hanggang ito'y matapos.
3. **Ang Pagka-antala ng Diyos ay hindi nagpapabago sa ating halaga.**
   3.1. Dalawang beses na pina-alalahanan si Daniel na siya ay lubos na minamahal at mahalaga sa Diyos. Ang kanyang halaga ay hindi nagbago sa panahon ng kanyang paghihintay. "*Ikaw na labis na kinalulugdan ng Diyos, huwag kang matakot, ipanatag mo ang iyong loob*" (Daniel 10:19).
   3.2. Mahalaga tayo sa Diyos, at ang paghihintay ay hindi ibig sabihin ay kinalimutan na tayo ng Diyos. Itinataas tayo ng Diyos dahil mahal Niya tayo. "*Ngunit ikaw, Panginoon, ay isang kalasag sa palibot ko; aking kaluwalhatian, <u>lagi mo akong itinataas</u>*" (Psalm 3:3).
4. **Ang Paghihintay ay Nagbubunga ng Espiritwal na Kaloob** (Isaias 40:31).
   4.1. **Pagtitiyaga**. Nagkakaroon tayo ng pagtitiis, katatagan, at espiritwal na lakas. Hindi lamang tayo nakaligtas sa pagka-antala; natututo pa tayong maging matatag.
   4.2. **Kagalakan**. Natututo tayong masiyahan sa Kanya. Kahit na tila hindi sinasagot ang ating mga panalangin, magalak tayo. Siya ay tapat sa Kanyang mga pangako.
   4.3. **Kapayapaan**. Nagsisimula tayong isuko ang lahat sa Diyos, na nagbibigay ng kapayapaan na hindi kayang maunawaan ng tao (Fil. 4:7).

**KONKLUSYON:**

Ang paghihintay ay hindi lamang ang puwang sa pagitan ng panalangin at sagot. Ito ay sacred season kung saan pinalalakas tayo ng Diyos, pinapalalim ang ating pananampalataya, ipinapa-alala ang ating halaga, at inihahanda tayo sa ating hinaharap. Anuman ang ating hinaharap, may Diyos na gumagawa ng lahat ng bagay ayon sa Kanyang perfect timing. (Daniel 2:28).

**PAGNINILAY:**

Dahil ang" pagka-antala" ng Diyos ay bahagi ng proteksyon o paghahanda, paano nito mababago ang paraan ng iyong pananalangin ngayon?

**SCRIBES Ministry**
Isinalinni: Thess P.Sarmiento
Na -edit ni: Nida A. Cruz
Tags: #Panahon ng Paghihintay, HindiNatitinag